# Mga gabay (guidelines) sa espesyal na pahintulot upang makapanatili o manirahan sa Japan

Oktubre 2006
Binago noong Hulyo 2009
Immigration Bureau, Ministry of Justice

I Mga paliwanag sa batayan na binibigyan pansin upang alamin kung maaaring mabigyan ng permiso o pahintulot sa pananatili o pagtira.

Sa pagdesisyon kung maaring bigyan ng espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira, isinasagawa ang malawakang pagsusuri sa lahat ng bagay na kaugnay sa bawat kasong nauukol. Kasali dito ang dahilan kung bakit nais lumagi, mga bagay-bagay ukol sa pamilya, pag-uugali o asal ng aplikante, kalagayan sa Japan at sa labas ng bansa, konsiderasyon base sa makatao (humanitarian) at higit pa rito, ang magiging epekto nito sa ibang taong walang legal status sa Japan. Sa pagsagawa nito, binibigyang-pansin ang sumusunod na mga bagay.

| Positibong elemento |
| --- |

Binibigyan ng pansin ang sumusunod bilang mga positibong elemento, bukod sa mga bagay na itinakda sa ilalim ng Immigration Act, Article 50 paragraph 1 items (i) hanggang (iii) (tingan ang Annex).

1 Positibong elemento na binibigyan ng pansin

(1) Kapag ang isa o parehong magulang ng aplikante ay Hapon o di kaya'y Special Permanent Resident.

(2) Kapag sinusuportahan ng aplikante ang tunay na anak nito (legal na anak o anak sa labas na kinikilala bilang ama (acknowledgment or paternity)) sa pagitan ng isang Hapon o Special Permanen Resident, at kapag nasasakop ang lahat ng mga sumusunod:

a. Kapag ang bata ay isang menor de edad at hindi pa kasal.

b. Kapag may karapatan ang aplikante bilang magulang ng bata.

c. Kapag magkasamang nakatira ang aplikante at bata sa Japan ng may katagalan na, kinupkop at pinalaki nito ang bata.

(3) Kapag ang kasal ng aplikante at Hapon o Special Permanent Resident ay naitatag sa legal na pamamaraan (hindi kasali ang mga kaso kung saan palsipikado ang kasal o di kaya'y ibinigay ang isang formal notification ng kasal upang maiwasan ang deportation), at kapag nasasakop ng alinman sa sumusunod:

a. Kapag ang aplikante at ang asawa nito ay nagsama ng matagal na panahon bilang mag-asawa, nagtutulungan at sinusuportahan ang isa't-isa.

b. Kapag may anak o mga anak ang mag-asawa o kung may ibang dahilan kung saan maaring sabihing matatag at ganap ang pagiging mag-asawa nila.

(4) Kapag kasama ng aplikante na nakatira ang tunay na anak na naka-enrol sa isang primary o secondary education sa Japan (hindi kasali ang mga paaralan na kung saan ipinagkakaloob ang edukasyon sa wikang ginagamit ng bata bukod sa wikang Hapon) at may katagalan na ang pagtira sa Japan at kapag kinukupkop ng aplikante ang bata at siyang nagpalaki nito.

(5) Kapag kinailangan ng aplikante na magpagamot sa Japan para sa isang malubhang karamdaman at iba pa o kapag kinakailangang manatili sa Japan ang aplikante upang alagaan ang isang miyembro ng pamilya na kailangang magpagamot.

2 Iba pang positibong elemento

(1) Kapag ang aplikante ay pumunta na sa Regional Immigration Bureau upang ipaalam ang ilegal na paglagi nito sa bansa.

(2) Kapag ang kasal ng aplikante at isang taong naninirahan sa Japan na may residence status na itinakda sa Appended Table II (tingnan ang Annex) ay legal na naitatag at kapag pumapailalim ang aplikante sa 1 (3) a. at b. sa itaas.

(3) Kapag sinusuportahan ng aplikante ang tunay na anak (legal na anak o anak sa labas na kinikilala ng ama) na naninirahan sa Japan sa pamamagitan ng isang residence status na itinakda sa ilalim ng Appended Table II, at kapag ang aplikante ay nasasakop ng lahat mula sa 1 (2) a. hanggang c. sa itaas.

(4) Kapag ang aplikante ay isang menor de edad, hindi pa kasal at tunay na anak na tumatanggap ng suporta mula sa isang taong nakatira sa Japan na may residence status na itinakda sa ilalim ng Appended Table II.

(5) Kapag ang aplikante ay nakatira sa Japan ng may katagalan na at maituturing na naitatag na ang sarili sa bansa.

(6) Kapag may mga basehan para sa humanitarian grounds o iba pang natatanging sitwasyon.

## Negatibong elemento

Ang sumusunod ay ang mga negatibong elemento:

1 Negatibong elemento na binibigyan ng pansin

(1) Kapag ang aplikante ay nakatanggap ng parusa para sa isang mabigat o malubhang krimen, at iba pa.

(Halimbawa)

- Kapag ang aplikante ay nakulong sanhi ng paggawa ng isang mabigat o malubhang krimen.

- Kapag ang aplikante ay nakatanggap ng parusa sanhi ng pagpuslit at pagsagawa ng ilegal na paghawak ng ‘mga bagay na nagdudulot ng pinsala sa lipunan’, tulad ng ilegal na mga narcotics at armas.

(2) Kapag ang aplikante ay nakagawa ng isang paglabag na kaugnay o umaapekto sa buod ng pangangasiwa sa Immigration Control o di kaya’y isang paglabag na may malaking epekto sa lipunan.

(Halimbawa)

- Kapag ang aplikante ay nakatanggap ng parusa sa pagtulong sa ilegal na pagtrabaho, mga krimen na kauganay sa human trafficking, ilegal na pagtanggap at paggawa ng mga pasaporte, at iba pa.
- Kapag ang aplikante ay nakatanggap ng parusa sa pagtulong sa ilegal na paglagi o pagtira sa Japan.
- Kapag ang aplikante ay nakagawa ng isang bagay na nagdulot ng pinsala sa pangangasiwa sa lipunan ng bansa, tulad ng pagsagawa ng prostitusyon o paghimok sa iba na isagawa ito.
- Kapag ang aplikante ay nakagawa ng isang bagay na nagdudulot ng pinsala sa human rights, tulad ng human trafficking.

2 Iba pang mga negatibong elemento

(1) Kapag ang aplikante ay ilegal na pumasok sa bansa sa pamamagitan ng bapor o paggamit ng isang palsipikadong pasaporte, at iba pa o di kaya’y paggamit ng palsipikadong residence status.

(2) Kapag nabigyan ang aplikante ng sapilitang pagtatapon (Deportation order) na nakaraan.

(3) Kapag napag-alamang may iba pang mga paglabag na ginawa ng aplikante sa ilalim ng batas o mga misconduct na katumbas nito.

(4) Kapag ang aplikante ay may iba pang problema sa pagtira nito sa Japan.

(Halimbawa)

- Kapag ang aplikante ay kabilang ng isang kriminal na organisasyon.

II Paghatol kung maaring bigyan ng espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira

Ang aplikasyon para sa espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira ay binibigyan ng maiging konsiderasyon pagkatapos isagawa ang pagsusuri sa mga positibo at negatibong elementong nabanggit sa itaas at napatunayang mas maraming kaso ng positibong elemento kumpara sa negatibo. Kaya, hindi nangangahulugan na kung may isang positibong elemento ay bibigyan agad ng maiging konsiderasyon ang aplikasyon para sa espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira; hindi rin nangangahulugan na hindi maaring bigyan ng maiging konsiderasyon o magkakaroon ng negatibong resulta sa aplikasyon kapag mayroong isang negatibong elemento.

Ang sumusunod ay mga pangunahing halimbawa:

＜ Mga halimbawa kung saan binibigyan ng maiging konsiderasyon ang aplikasyon para sa espesyal na pahintulot sa pananatili o pagtira＞

- Kapag ang isa o parehong magulang ng aplikante ay Hapon o Special Permanent Resident, at walang makitang problema sa paglagi o pagtira ng aplikante, tulad ng paglabag sa ibang batas o mga ordenansa.
- Kapag ang aplikante ay kasal sa isang Hapon o Special Permanent Resident, at walang makitang problema sa paglagi o pagtira ng aplikante, tulad ng paglabag sa ibang batas o mga ordenansa.
- Kapag ang aplikante ay nakatira sa Japan ng may katagalan na, kung saan ipinaalam mismo sa Regional Immigration Bureau na naihanda na nito ang mga kinakailangang requirements para sa deportation, at walang makitang problema sa paglagi o pagtira ng aplikante, tulad ng paglabag sa ibang batas o mga ordenansa.
- Kapag kasama ng aplikanteng nakatira ang tunay na anak nito, na ipinanganak sa Japan, na nakatira sa Japan ng sampung taon at naka-enrol sa isang paaralan para sa primary o secondary education at ang aplikante ang siyang kumukupkop at nagpalaki sa bata, at personal nitong ipinahayag sa Regional Immigration Bureau ang ilegal na paglagi o pagtira sa Japan, at walang makitang problema sa paninirahan ng magulang at anak, tulad ng paglabag sa ibang batas o mga ordenansa.

＜ Mga halimbawa kung saan ang aplikasyon para sa espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira ay hindi binibigyan ng maiging konsiderasyon＞

- Kapag ang aplikanteng nakatira sa Japan sa loob ng dalawampung taon, kung saan maituturing na naitatag na ang sarili sa Japan, ay nakatanggap ng parusa para sa krimeng nagawa tulad ng pagtulong sa ilegal na pagtrabaho, mga krimeng kaugnay sa human trafficking, ilegal na pagtanggap at paggawa ng mga pasaporte at iba pa, at kapag ang aplikante ay nakagawa ng isang isang paglabag na kaugnay o umaapekto sa buod ng pangangasiwa sa Immigration Control o di kaya'y naisagawa ang paglabag na may malaking epekto sa lipunan.
- Kapag ang aplikanteng kasal sa isang Hapon, ay nakagawa ng isang bagay na nagdulot ng pinsala sa katiwasayan ng lipunan sa bansang ito, tulad ng paghimok sa iba na pumasok sa prostitusyon.

(Annex) Immigration Control and Refugee Recognition Act (extract)

**(Mga espesyal na kaso sa Desisyon ng Minister of Justice)**

Artikulo 50

Sang-ayon sa mga nakatugon sa paragraph (3) ng nakaraang Artikulo, kahit na napag-alaman nitong isinagawa ang objection o pagtutol ng walang sapat na dahilan, maaring ipagkaloob ng Minister of Justice sa nasasakdal ang espesyal na pahintulot sa paglagi o pagtira kapag pumailalim ito sa alinman sa sumusunod na mga bagay:

(i) Kapag natanggap na nito ang pahintulot para sa permanent residence.

(ii) Kapag nagkaroon na ito ng registrasyon ng pagtira sa Japan noong nakaraang panahon bilang isang Hapon.

(iii) Kapag ang pagtira nito sa Japan ay kontrolado ng iba sanhi ng human trafficking.

(iv) Kapag naitatag ng Minister of Justice ang anumang batayan o dahilan para ipagkaloob ang espesyal na pahintulot sa pananatili o pagtira, bukod sa mga nabanggit na mga bagay.

2, 3 (Nilaktawan)

## Appended Table II

(Dagdag)

| Lagay ng pagtira o paglagi | Personal na kalagayan o posisyon kung saan binibigyan ng pahintulot ang pagtira o paglagi |
|---|---|
| Permanent Resident | Mga nakatanggap ng permanent residence mula sa Minister of Justice. |
| Spouse or Child of Japanese National | Mga asawa ng Hapon, mga batang inampon ng Hapon sang-ayon sa mga probisyon ng Article 817-2 ng Civil Code (Act No.89 of 1896) o mga ipinanganak bilang anak ng Hapon. |
| Spouse or Child of Permanent Resident | Mga asawa ng sinumang nagtataglay ng "Permanent Resident" o "Special Permanent Resident" (na itinuturing dito na "Permanent o Special Permanent Resident"), mga batang ipinanganak bilang anak ng Permanent o Special Permanent Resident ng Japan na nakatira na sa bansang Hapon. |
| Long-Term Resident | Mga binigyan ng permiso o pahintulot na lumagi o tumira sa Japan kung saan ang tagal ng paglagi ay pinagpapasiyahan ng Minister of Justice sang-ayon sa mga espesyal na sitwasyon. |